

MGA PROTEKSYON NA DAPAT MONG HINGIN

Matagal ng sinang-ayunan ng mga tagataguyod sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho na ang pinaka-epektibong paraan upang gawing mas ligtas ang iyong trabaho ay dapat alisin ng amo ang peligro at palitan iyon ng isang bagay na hindi nakakapinsala. Bagaman hindi maaalis ang COVID-19 hanggang mabuo at maibigay ang bakuna, maaari mo pa ring hingin at ng iyong mga katrabaho na gawin ng inyong amo ang lahat ng kanilang makakatulong mapanatili ang inyong kaligtasan.

Narito ang ilan sa mga hinihingi ng mga taong npagtatrabaho at ng ating unyon na maipapanalo natin sa pamamagitan ng pagkilos nang magkakasama:


Paglalayo sa Atin sa Panganib

- Pagpapatupad ng mga patakaran sa remote na paggawa kung maaari.
- Pagbibigay ng karagdagang bakasyon na bayad na may kinalaman sa COVID-19, na nagpapahintulot sa may sakit o nalantad na mga empleyado na manatili sa tahanan, kabilang ang pangangalaga sa may sakit o miyembro ng pamilya na mahina ang sistemang imyuno.
- Pagkakabit ng teknolohiyang walang hawakan sa mga pinto, lababo at iba pang mga ibabaw na madalas hawakan.
- Tiyakin na ang lahat ng area ay may maayos na bentilasyon, kabilang ang mga filter sa hangin na pumapatay sa mga virus sa hangin.
- Ipaalam sa mga empleyado ang posibleng pagkalantad natin sa COVID-19 kung mayroong kumpirmado o pinaghihinalang kaso ng COVID-19 sa ating lugar ng trabaho at kaagad linising mabuti ang mga lugar na pinuntahan ng nahawahan.

Baguhin ang Paraan ng Ating Pagtatrabaho

- Ugaliin ang paglilinis at pagdidisimpekta sa mga ibabaw na madalas hawakan at mga lugar ng trabaho na madalas dinadaan.
- Gumamit ng mga pisikal na harang upang magkaroon ng pagitan ang mga tao ng hindi bababa sa 6 na talampakan sa lahat ng oras.
- Bawasan ang paggamit ng mga kasangkapang hinihiram at palagiang isagawa ang pag-sanitize kapag nanghihiraman.
- Muling isaayos ang lugar ng trabaho at mga pagitan ng stagger shift at pagpapahinga upang mabawasan ang pakikisalamuha sa tao.
- Ipag-utos sa lahat ng empleyado na magsanay sa mga bagong hakbang ng kaligtasan sa lugar ng trabaho at ihanda ang pagsasanay sa wikang nauunawaan ng mga manggagawa.

HERARKIYA NG KONTROL



Mga proteksyon sa Trabaho

- Pagbibigay ng personal na kagamitang pamprotekta o personal protective equipment (PPE) sa lahat, pagsusukat at pagsasanay, na walang babayaran ang empleyado. Alamin ang higit pa tungkol sa mga respirator.
- Paglalaan ng mga istasyon sa paghuhugas na may sabon at mga air dyer, gayundin ang mga istasyon ng sanitizer sa kamay.
- Pag-uutos at pagbibigay ng mga mask at panlinis sa kamay sa mga empleyado, parokyano at mga bisita.
- Paglikha ng mga insentibo para sa mga mangagawa upang iulat ang mga panganib nang walang pangamba sa paghihiganti.
- Pagbibigay ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa lahat ng mga empleyado.

MAYROON KANG KARAPATAN NA MAGING LIGTAS SA TRABAHO.

Maaaring hindi sapat ang ginagawa ng iyong amo upang mapanatili kang ligtas. Alamin ang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan sa isang ligtas na lugar ng trabaho at kung paano mapapabuti ng kolektibong aksyon (collective action) kasama ang iyong mga katrabaho ang kaligtasan sa lugar ng trabaho at makapagligtas ng buhay.